



Aralin 14

“SUNDIN NINYO ANG KALOOBAN NG DIYOS” *Mateo 7:21-27*

LAYUNIN: Pagkatapos ng araling ito...

- Makikita ninyo kung bakit mahalaga ang pagsunod sa Diyos sa buhay ng isang taong nagsasabing Cristiano siya.
- Mararamdaman ninyo ang bigat ng mga babala ni Jesus at magkakaroon kayo ng higit na pagnanais na sikaping sundin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng pagkakataon.
- Titingnan ninyo ang isang bahagi ng buhay ninyo na hindi nakasang-ayon sa kalooban ng Diyos at pagtutulongan kung paano ito maipasasakop sa kalooban ng Diyos.

PANIMULA

1. Sinong artista o atleta ang hinahangaan mo noong bata ka? Isalarawan kung paano ka humanga sa kanya. Anong klaseng relasyon mayroon kayong dalawa?

Tulay sa Pag-aaral: Marami sa panahon ngayon ang mga tagahanga ni Jesus, pero hanggang doon na lang. Wala namang totooang relasyon sa kanya. Ganoon din noong panahon ni Jesus. Humahanga ang mga tao sa mga sinasabi niya at ginagawa niya [maaaring basahin ang Mateo 4:23-25 at 7:28-29]. Nagturo si Jesus kung ano ang kalooban ng Diyos sa iba't ibang bahagi ng buhay sa chapters 5-7 (Sermon on the Mount). Sa pagtatapos ng sermong iyon, nagbigay siya ng babala sa mga taong ang relasyon sa kanya ay hanggang panlabas na pagsunod lang, pakikinig lang, at paghanga lang. Ito rin ay babala sa lahat sa atin at encouragement din na magsumikap sa pamumuhay nang may buong pusong pagsunod sa kalooban ng Diyos. [Basahin ang Mateo 7:21-27.]

PAGSASALIKSIK

2. Una siyang nagbigay ng babala sa mga nagsasabing Cristiano sila pero sa nguso lang (sabi lang nila). Basahin ang verses 21-23. Sa panahon natin ngayon, sinu-sino ang mga taong nagsasabing “Panginoon, Panginoon” ngunit hindi naman makakapasok sa kaharian ng langit? Posible kayang mayroon ding ganyan sa church natin?

3. Bakit sinabi ni Jesus na iyon lamang mga sumusunod sa kalooban ng Diyos ang makakapasok sa langit? Nangangahulugan ba itong ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pagsunod o ng mabuting gawa? Kung hindi, ano ang ipinapakita nito tungkol sa katibayan ng pananampalataya ng isang tao?
4. Ano sa tingin mo ang nararamdaman ng mga taong umaapela kay Cristo sa araw ng paghuhukom sa verse 22? Bakit kaya?
5. Sa verse 23, ano ang hatol sa mga sumusuway sa kalooban ng Diyos? Kung ikaw ang sabihan nang ganoon, ano ang mararamdaman mo? Ano sa tingin mo ang gustong ipaalala sa atin dito ni Cristo?
6. Ang pangalawang babala niya ay may kinalaman sa mga nagsasabing Cristiano sila ngunit hanggang pakikinig lang ng kanyang salita. Basahin ang verses 24-27. Sa dalawang taong binanggit, anu-ano ang nakita ninyong pagkakatulad nila?
7. Anu-ano naman ang mga pagkakaiba nila?
8. Ano ang ipinapakita ni Jesus sa atin dito na kahalagahan ng patuloy na pagsunod sa kalooban ng Diyos? Ano kayang mga maling konsepto ng pananampalataya ang kailangan nating itama ayon sa sinasabi din ni Jesus?

PAGSASABUHAY

9. Sa anong bahagi ng buhay mo ngayon nahihirapan kang sumunod sa kalooban ng Diyos? Ayon sa napag-aralan ano ang dapat mong isaalang-alang upang magkaroon ka ng higit na pagnanais na sumunod sa kanya?
10. Ano ang isang bagay na nais ng Diyos na gawin mo sa mga susunod na araw? Ano ang gagawin mong tugon dito? Puwede mo bang sabihing “No, Lord”?

ASSIGNMENT

- Isaulo ang Mateo 7:21.